5

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin 7

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino**
**Kuwarter 4: Aralin 7**
**SY 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa taong panuruang 2025- 2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat**:
Andilaine R. Tajanlangit- (DepEd Valenzuela Malinta National High School)

**Tagasuri**:
Mercy B. Abuloc – (Philippine Normal University Mindanao)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat | |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglalahad ng Layunin** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain 1: *TARA-BASA* (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**A. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa**

*1. tono at damdamin*

**III. Mga Kailangang Materyal**

sipi ng kuwentong Ako na lang Sana ni Andilaine R. Tajanlangit, lapis

IV. ***Panuto:*** Pagpapabasa sa mga mag-aaral ng kuwentong pinamagatang **Ako na lang Sana** ni Andilaine R. Tajanlangit.

**Ako na lang Sana**

ni: Andilaine R. Tajanlangit

Noong unang panahon, sa Baryo Maligalig, ay may dumating na isang babaeng dayo. Ikinatakot ng mamamayan ang pagdating doon ng misteryosang babae. Mula kasi nang dumating ito ay sunod-sunod nang nawawala ang mga bata sa kanilang lugar. Ang nasabing babae ay si Melba. Mahaba ang kaniyang buhok na halos sumayad na sa lupa. Lagi siyang nakasuot ng itim na damit at mahabang palda na umaabot hanggang sakong. Lagi itong nakayuko kapag nakakasalubong ng sinoman sa daan.

Isang hapon, habang naghihintay si Aling Nena sa paglabas sa paaralan ng kanyang anak na si Nonoy ay may narinig siyang komosyon sa hindi kalayuan. “Ang anak ko! Ibalik mo ang anak ko!” Ang palahaw ni Aling Berta. Ikinagulat ni ALing Nena ang narinig niyang palahaw ng kumare niya. Nagmamadaling lumapit si Aling Nena upang malaman kung ano ang nangyari sa anak ng kanyang kumareng Berta. “Anong nangyari Mareng Berta? Anong nangyari sa inaanak kong si Betty?” Agad na tanong ni Aling Nena. “Kitang-kita ko si Melba, kinaladkad niya at isinakay sa puting sasakyan si Betty ko. Hinabol ko sila pero hindi ko na sila naabutan. Ang anak ko, ang kaawa-awang anak ko. Sana ako na lang ang kinuha nila at hindi ang anak ko.” Ang humahagulgol na sagot ni Aling Berta. Walang masabi si Aling Nena para maibsan ang sakit na nararamdaman ng kanyang kumare sa mga sandaling iyon. Tanging mahigpit na yakap lamang sa kanyang kumare ang kanyang nagawa.

Mula noon ay hindi na nagpakita sa kanilang lugar si Melba. Lumipas ang dalawang araw at may balitang natanggap ang mamamayan ng Baryo Maligalig na may mga bangkay na natagpuan sa may tabi ng ilog. Nagpunta ang magkumareng Berta at Nena sa sinasabing lugar. “Betty ko, anak ko!” Agad na pumalahaw ng iyak si Aling Berta nang makilala niyang anak niya ang isa sa mga bangkay na naroon. Lubhang kalunos-lunos ang sinapit ng mga biktima. Lahat sila ay wakwak ang tiyan at wala ng mga lamang-loob.

Halos masiraan ng bait si Aling Berta sa nangyari sa kaniyang anak na si Betty. Nakalulunos pakinggan ang mga palahaw ng pagdadalamhati ng magulang ng mga batang biktima. Nakipag-ugnayan ang lokal na pamahalaan sa kapulisan at sa *media* upang mabigyang

babala ang lahat sa nangyari sa kanilang lugar. Mula noon ay mas naging maingat na ang magulang sa kanilang mga anak. Maging ang kanilang lokal na pamahalaan ay pinaigting ang seguridad sa bawat mamamayan. Naniniwala silang hindi na mauulit ang ganoong pangyayari basta't sila ay laging handa.

**Gabay na mga tanong:**

1. Sino ang kinatatakutan ng mamamayan sa kuwento?

_______________________________________________

2. Ilarawan si Melba.

_______________________________________________

3. Anong nangyari kay Betty?

_______________________________________________

4. Anong damdamin ang namayani sa nanay ni Betty?

_______________________________________________

5. Kung ikaw ang nanay ni Betty, anong gagawin mo?

_______________________________________________

**B. WIKARAMBULAN:** Ayusin ang mga ginulong letra upang mabuo ang kasingkahulugan ng mga salita. Gamitin sa makabuluhang pangungusap.

1. manirahan- **RAMITU**
**Pangungusap:**_______________________________________________

2. hidwaan- **DIHIN KAKAPAG-NAUANWA**
**Pangungusap:**_______________________________________________

3. lumukob- **NAMADMARAN**
**Pangungusap:**_______________________________________________

4. samu't sari- **BAI-BAI**
**Pangungusap:**_______________________________________________

**5.** maliw- **LAMAWA**
**Pangungusap:**_______________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Elemento sa tekstong multimedia** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: KUWENTO-BASA (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**A. Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.**

● *liham pangkaibigan (paghingi ng paumanhin)*

**B. Nakilala ang mga elemento sa tekstong multimedia**

● *imahen*

● *layon*

● *paksa*

**III. Mga Kailangang Materyales**

Sipi ng kuwentong Pasensya ka na ni Andilaine R. tajanlangit

IV. **Panuto:** Basahin ang isang halimbawa ng kuwentong pinamagatang **Pasensya Ka na** ni Andilaine R. Tajanlangit, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay sa kuwento.

**Pasensya ka na**

ni: Andilaine R. Tajanlangit

Sina Rhiza Mae at Johana ay matalik na magkaibigan. Nagkaroon sila ng hindi pagkakaunawaan dahil akala nin Rhiza Mae ay sinisiraan siya ni Johana sa ibang tao. Nagkataon namang paalis ang mag-anak nina Johana papuntang probinsya sa Cebu upang doon na manirahan. Nagkalayo ang dalawa nang hindi naaayos ang hidwaan nila.

Isang araw, pag-uwi ni Rhiza Mae galing sa eskwela ay may iniabot ang kanyang ina. "Nak, may sulat ka galing kay Johana." sabi ng ina ni Rhiza Mae. Samu't sari ang damdaming lumukob kay Rhiza Mae ng mga sandaling iyon. Kaba, pananabik, at tuwa. Agad niyang binuksan at binasa ang liham.

143 Natalio B. Bacalso Avenue
Cebu South Road, Cebu City
Enero 26, 2024

Minamahal kong Rhiza Mae,

Kumusta ka na? Namimiss na kita. Naaalala ko ang mga kulitan natin at kwentuhang walang maliw. Patawarin mo ako kung sa akala mo ay pinagtrayduran k ita. Walang katotohanan ang mga balitang nakara- ting sa iyoo. Hindi ko iyon maga gawa sa iyo. Ikaw ang pinakamatalik kong kaibigan at kapatid na ang turing ko sa iyo.

Patawarin mo ako kung hindi na tayo nakapag-usap bago kami umalis. Hin di ko nalinaw agad sa iyo ang panig ko. Umaasa akong maaayos muli ang pag-kakaibigan natin. Palagi kang mag-iingat sampu ng iyong pamilya.

Nagmamahal,
Johana

May ngiting sumilay sa mga labi ni Rhiza Mae pagkatapos basahin ang sulat. Sa wakas ay nalinawan na siya sa tunay na nangyari sa kanila ng kanyang kaibigan.

**Gabay na tanong:**

1. Sino ang magkaibigan sa kuwento?

_______________________________________________

2. Bakit sumulat si Johana?

_______________________________________________

3. Mayroon ka rin bang kaibigan na nakatampuhan?

_______________________________________________

4. Paano ninyo inaayos ang hindi ninyo pagkakaunawaan?

_______________________________________________

B. **IT'Slogan:** Bumuo ng Islogan hinggil sa pagtanggap sa pagkakamali.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglinang at Pagpapalalim** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3: TULA-BASA (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

A. Tiyaking nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:

- *pakikihalubilo sa ibang tao (pagpapakilala, pangungumusta, pag-anyaya sa pagkain, pagpapatuloy sa bahay, pakikisangkot sa biruan sa positibong paraan, pagtatanong)*

**III. Mga Kailangang Materyal**

Sipi ng tulang Tatak Pilipino ni Andilaine R. Tajanlangit

**IV. Panuto:** Basahin ang tulang Tatak Pilipino no Andilaine R. Tajanlangit, pagkatapos ay sagutin ang kaugnay na mga tanong.

**Tatak Pilipino**
ni: Andilaine R. Tajanlangit

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging mabuti,
Mahusay makisama, kaya't kinalulugdan ng marami;
Sa tuwing magkakasalubong may nakahandang ngiti
Kumustahan ay walang puknat, at pag-anyaya palagi.

Maging sa pagpapatuloy sa ating tahanan,
Kapag may panauhin o bisitang inaasahan;
Tiyak na ilalabas nakatagong mga kasangkapan,
Maging ang mga punda, kumot at sapin sa higaan.

Ganiyan ang mga Pilipino, hindi makasarili
Masayahin pa nga't laging may ngiti sa labi;
Sa mga biruan positibong nakikisali
Madalas ding magtanong upang hindi magkamali.

**Gabay na tanong:**

1. Ano-anong katangian ang taglay ng mga Pilipino?

______________________________________________

2. Anong damdamin ang namayani sa inyo matapos mabasa ang tula?

______________________________________________

3. Makikita pa rin ba sa kasalukuyan ang nasabing mga katangian?

______________________________________________

4. Taglay mo ba ang mga nabanggit na katangian? Patunayan.

______________________________________________

5. Gaano kahalaga ang mga katangiang nabanggit na taglay ng mga Pilipino? Pangatwiranan.

______________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglinang at Pagpapalalim** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 4: Paglalapat at pag-uugnay (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**A. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag**

*1. Pokus ng Pandiwa (sanhi/ kawsatib)*

**III. Mga Kailangang Materyal**

Lapis, sipi ng kuwentong Ako na lang Sana

IV. ***Panuto:*** Ipabasang muli sa mga mag-aaral ang kuwentong pinamagatang **Ako na lang Sana** ni Andilaine R. Tajanlangit.Salungguhit ang pandiwang may pokus na sanhi.

**Ako na lang Sana**

ni: Andilaine R. Tajanlangit

Noong unang panahon, sa Baryo Maligalig, ay may dumating na isang babaeng dayo. Ikinatakot ng mamamayan ang pagdating doon ng misteryosang babae. Mula kasi nang dumating ito ay sunod-sunod nang nawawala ang mga bata sa kanilang lugar. Ang nasabing babae ay si Melba. Mahaba ang kaniyang buhok na halos sumayad na sa lupa. Lagi siyang nakasuot ng itim na damit at mahabang palda na umaabot hanggang sakong. Lagi itong nakayuko kapag nakakasalubong ng sinoman sa daan.

Isang hapon, habang naghihintay si Aling Nena sa paglabas sa paaralan ng kanyang anak na si Nonoy ay may narinig siyang komosyon sa hindi kalayuan. “Ang anak ko! Ibalik mo ang anak ko!” Ang palahaw ni Aling Berta. Ikinagulat ni ALing Nena ang narinig niyang palahaw ng kumare niya. Nagmamadaling lumapit si Aling Nena upang malaman kung ano ang nangyari sa anak ng kanyang kumareng Berta. “Anong nangyari Mareng Berta? Anong nangyari sa inaanak kong si Betty?” Agad na tanong ni Aling Nena. “Kitang-kita ko si Melba, kinaladkad niya at isinakay sa puting sasakyan si Betty ko. Hinabol ko sila pero hindi ko na sila naabutan. Ang anak ko, ang kaawa-awang anak ko. Sana ako na lang ang kinuha nila at hindi ang anak ko.” Ang humahagulgol na sagot ni Aling Berta. Walang masabi si Aling Nena para maibsan ang sakit na nararamdaman ng kanyang kumare sa mga sandaling iyon. Tanging mahigpit na yakap lamang sa kanyang kumare ang kanyang nagawa.

Mula noon ay hindi na nagpakita sa kanilang lugar si Melba. Lumipas ang dalawang araw at may balitang natanggap ang mamamayan ng Baryo Maligalig na may mga bangkay na natagpuan sa may tabi ng ilog. Nagpunta ang magkumareng Berta at Nena sa sinasabing lugar. “Betty ko, anak ko!” Agad na pumalahaw ng iyak si Aling Berta nang makilala niyang anak niya ang isa sa mga bangkay na naroon. Lubhang kalunos-lunos ang sinapit ng mga biktima. Lahat sila ay wakwak ang tiyan at wala ng mga lamang-loob. Halos masiraan ng bait si Aling Berta sa nangyari sa kaniyang anak na si Betty. Nakalulunos pakinggan ang mga palahaw ng pagdadalamhati ng magulang ng mga batang biktima. Nakipag-ugnayan ang lokal na pamahalaan sa kapulisan at sa *media* upang mabigyang babala ang lahat sa nangyari sa kanilang lugar. Mula noon ay mas naging maingat na ang magulang sa kanilang mga anak. Maging ang kanilang lokal na pamahalaan ay pinaigting ang seguridad sa bawat mamamayan. Naniniwala silang hindi na mauulit ang ganoong pangyayari basta’t sila ay laging handa.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pokus ng Pandiwa (Kawsatib)** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 5: SULAT-SULIT (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**A. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag**

*1. Pokus ng Pandiwa (sanhi/ kawsatib)*

B. **Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.**

● *liham pangkaibigan (paghingi ng paumanhin)*

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

IV. **Panuto:** Bumuo ng liham pangkaibigan na humihingi ng paumanhin.

____________________________
____________________________
____________________________

____________________________

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_____________________________________________________________.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_____________________________________________________________.

_________________________
_________________________

**B. Give Me Five**: Magtala ng limang pangungusap na ginagamitan ng pandiwang may pokus na sanhi.

1. ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.
2. ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.
3. ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.
4. ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.
5. ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.